CommuniCare Advantage Cal Mediconnect Plan
(Medicare-Medicaid Plan)
iniaalok ng
Community Health Group

Listahan ng Mga Sakop na Gamot (Formulary) para sa 2017

Ang formulary na ito ay isinapanahon noong 10/24/17. Para sa iyong kamakailang impormasyon o iba pang mga tanong, pakikontak ang Customer Service sa 1-888-244-4430, TTY/TDD: 1-855-266-4584, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag na ito. O bisitahin ang www.chgsd.com.

CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan) | Listahan ng Mga Sakop na Gamot (Formulary) para sa 2017

Ito ay isang listahan ng mga gamot na maaaring makuha ng mga miyembro sa CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan.

- Ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ay isang planong pangkalusugan na kumokontrata sa parehong Medicare at Medi-Cal upang magbigay ng mga benepisyo ng parehong programa sa mga nagpapatala.
- Ang Listahan ng Mga Sakop na Gamot at/o network ng parmasya at tagapagbigay-serbisyo ay maaaring magbago sa buong taon. Padadalhan ka namin ng abiso bago kami magsagawa ng pagbabagong makakaapekto sa iyo.
- Maaaring magbago ang mga benepisyo at/o copay tuwing Enero 1 ng bawat taon.
- Maaari mong itsek online anumang oras ang napapanahong Listahan ng Mga Sakop na Gamot ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa www.chgsd.com o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-244-4430, TTY/TDD: 1-855-266-4584, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag na ito.
- Maaaring ilapat ang mga limitasyon, copay, at restriksyon. Para sa higit pang impormasyon, tawagan ang Customer Service Department ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan o basahin ang Handbook ng Kasapi ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan
- Maaaring mag-iba ang mga copay para sa mga nireresetang gamot batay sa antas ng Dagdag na Tulong na iyong matatanggap. Pakikontak ang plano para sa mas marami pang detalye.
- ATTENTION: If you speak English, language assistance services, free of charge, are available to you. Call 1-888-244-4430 (TTY: 1-855-266-4584).
- PAUNAWA: Kung nagsasalita ka ng Tagalog, maaari kang gumamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa 1-888-244-4430 (TTY: 1-855-266-4584).
- ATENCIÓN: Si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al 1-888-244-4430 (TTY: 1-855-266-4584).
- CHÚ Ý: Nếu bạn nói Tiếng Việt, có các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho bạn. Gọi số 1-888-244-4430 (TTY: 1-855-266-4584).

ملحوظة: إذا كنت تتحدث اذكر اللغة، فإن خدمات المساعدة اللغوية تتوافر لك بالمجان. اتصل برقم 1- 1-888-244-4430(رقم هاتف الصم والبكم :(1-855-266-4584).

- Maaari mong makuha ang impormasyong ito nang libre sa iba pang mga format, tulad ng malaking print, braille, o audio. Tawagan ang 1-888-244-4430, TTY/TDD: 1-855-266-4584, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag na ito.
- Kung nais mong gumawa ng umiiral na kahilingan para makuha ang mga materyales na ito sa ibang wika o kahaliling format, pakikontak ang Customer Service Department upang abisuhan sila nang sa gayon ay maitala ang impormasyong ito sa iyong rekord sa pagiging miyembro.

Mga Madalas Itanong o Frequently Asked Questions (FAQ)

Hanapin dito ang mga sagot sa iyong mga katanungan hinggil sa Listahan ng Mga Sakop na Gamot na ito. Maaari mong basahin ang lahat ng FAQ upang higit na matuto, o hanapin ang tanong at sagot.

1. Anu-anong mga inireresetang gamot ang nasa Listahan ng Mga Sakop na Gamot? (Tinatawag namin ang Listahan ng Mga Sakop na Gamot na "Listahan ng Gamot" sa mas maikli.)

Ang mga gamot na nasa Listahan ng Gamot ay ang mga gamot na sakop ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan. Mabibili ang mga gamot sa mga parmasyang nasa aming network. Nasa aming network ang isang parmasya kung mayroon kaming kasunduan sa kanila na makipagtulungan sila sa amin at magbigay ng mga serbisyo sa inyo. Tinutukoy namin ang mga parmasyang ito bilang "mga network na parmasya."

Sasakupin ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect ang lahat ng mga kinakailangang gamot sa gamutan na nasa Listahan ng Gamot kung:

- sinasabi ng iyong doktor o ng ibang tapagreseta na kailangan mo ang mga ito upang gumaling o manatili kang malusog, ***at***
- binili mo ang nireseta sa isang network na parmasya ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan.

Sa ilang kaso, kailangan mo munang gawin ang ilang bagay bago ka makakuha ng gamot (tingnan ang tanong #5 sa ibaba).

Maaari mo ring makita ang up-to-date na listahan ng mga sinasakop naming gamot sa aming website sa www.chgsd.com o tawagan ang Customer Service sa 1-888-244-4430, TTY/TDD: 1-855-266-4584, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag na ito.

2. Nagbabago ba ang Listahan ng Gamot?

Oo. Maaaring magdagdag o magtanggal ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ng mga gamot sa Listahan ng Gamot sa loob ng isang taon. Sa pangkalahatan, magbabago lamang ang Listahan ng Gamot kung:

- may dumating na isang mas murang gamot na gumagana kagaya ng gamot na nasa Listahan ng Gamot ngayon, ***o***
- malaman namin na hindi ligtas ang isang gamot.

Maaari rin naming palitan ang aming mga tuntunin hinggil sa mga gamot. Halimbawa, maaari kaming:

- Magpasya na kailanganin o hindi kailanganin ang prior approval para sa isang gamot. Ang (*Prior approval* ay isang pagpapahintulot mula sa CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan bago ka makakuha ng gamot.)
- Magdagdag o magbago ng bilang ng makukuha mong gamot (tinatawag na "mga limit sa kantidad").
- Magdagdag o magbago ng mga pagbabawal ng step therapy sa gamot. Ang (*Step therapy* ay nangangahulugang kailangan mong sumubok ng isang gamot bago namin sakupin ang isa pang gamot.)

(Para sa higit pang impormasyon sa mga tuntunin ng gamot na ito, tingnan ang pahina 4 at 5)

Sasabihan ka namin kapag tinanggal ang gamot na iyong iniinom sa Listahan ng Gamot. Sasabihan ka din namin kapag binago namin ang aming mga tuntunin sa pagsasakop ng gamot. Mayroong higit na impormasyon ang mga tanong 3,4, at 7 sa ibaba hinggil sa kung anong mangyayari kapag nagbago ang Listahan ng Gamot.

→ Maaari mong palaging tingnan nang online ang up-to-date na Listahan ng Gamot ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa www.chgsd.com. Maaari mo ring tawagan ang Customer Service upang tingnan ang kasalukuyang Listahan ng Gamot sa 1-888-244-4430, TTY/TDD: 1-855-266-4584, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag na ito.

3. Anong mangyayari kapag may dumating na isang mas murang gamot na gumagana kagaya ng gamot na nasa Listahan ng Gamot ngayon?

Kung umiinom ka ng gamot na tinanggal dahil dumating ang isang mas murang gamot na mabisa ring gumagana kagaya nito, sasabihan ka namin. Sasabihan ka namin mga 60 araw bago namin

ito tanggalin sa Listahan ng Droga ***o*** kapag humingi ka ng refill. At makakakuha ka na ng 60-araw na tustos ng gamot bago tanggalin ang gamot sa listahan. Makakatanggap ka ng Abiso sa Pagbabago ng Formulary o Formulary Change Notice kasama ng iyong Buwanang Buod ng Inireresetang Gamot sa pamamagitan ng sulat.

4. Anong mangyayari kapag napag-alaman naming hindi ligtas ang isang gamot?

Kapag sinabi ng Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot o Food and Drug Administration (FDA) na hindi ligtas ang iniinom mong gamot, aalisin kaagad namin ito sa Listahan ng Gamot. Padadalhan ka rin namin ng sulat na magsasabi sa iyo ng tungkol dito. Kung makakatanggap ka ng isang sulat na nagsasabi sa iyo na ang iniinom mong gamot ay inalis ng FDA sa Listahan ng Gamot dahil sa mga pangkaligtasang kadahilanan, dapat mong kontakin ang iyong doktor sa pinakamaagang maaari upang talakayin ang ibang mga gamot na maaari mong inumin para sa iyong kondisyon.

5. Mayroon bang anumang mga pagbabawal o paglilimita sa pagkakasakop ng gamot? O mayroon bang mga aksyon na kailangang gawin upang makakuha ng mga tiyak na gamot?

Oo, may mga tuntunin sa pagkakasakop ang ilang gamot o may takdang bilang ang maaari mong makuha. Sa ilang pagkakataon, ikaw o ang iyong doktor o ang ibang tagapagreseta ay may ilang bagay munang kailangang gawin bago mo makuha ang gamot. Halimbawa:

- **Prior approval (o prior authorization):** Sa ilang gamot, kailangan mo o ng iyong doktor o ng ibang tagapagreseta na kumuha ng pahintulot sa CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan bago mo punuin ang iyong reseta. Kapag hindi ka nakakuha ng pahintulot, maaaring hindi sakupin ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ang iyong gamot.
- **Paglilimita sa kantidad:** Minsan, nililimitahan ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ang dami ng gamot na iyong makukuha.
- **Step therapy:** Minsan, hinihiling ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan na gawin mo ang step therapy. Nangangahulugan ito na kakailanganin mong subukan ang mga gamot sa isang tiyak na pagkakasunud-sunod para sa iyong kalagayang medikal. Maaaring kailangan mong subukan ang isang gamot bago namin sakupin ang isa pang gamot.) Kung sa palagay ng iyong doktor na hindi mabisa ang unang gamot sa iyo, saka namin sasakupin ang ikalawang gamot.

Maaari mong malaman kung may mga karagdagang kinakailangan o takdang bilang ang iyong gamot sa pamamagitan ng pagtingin sa mga talaan sa unang pahina. Maaari ka ring makakuha

ng higit pang impormasyon sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website sa www.chgsd.com. Mayroon kaming online na mga nakapaskil na dokumento na nagpapaliwanag ng aming mga pagbabawal sa prior authorization at step therapy. Maaari mo ring hilingin sa amin na padalahan ka ng kopya.

Maaari kang humiling ng "eksepsyon" sa mga paglilimitang ito. Pakitingnan ang Tanong 11 para sa higit na impormasyon hinggil sa mga eksepsyon.

- Kung ikaw ay nasa isang nursing home o ibang pasilidad sa pangmatagalang pangangalaga at nangangailangan ng gamot na wala sa Listahan ng Gamot, o kung hindi mo kaagad nakukuha ang gamot na kailangan mo, makakatulong kami. Sasakupin namin ang para sa 31-araw na pang-emerhensiyang suplay ng gamot na kailangan mo (maliban kung may reseta ka na para sa mas kaunting araw), ikaw man ay bagong miyembro ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect o hindi. Bibigyan ka ng oras nito na makipag-usap sa iyong doktor o sa ibang tagareseta. Matutulungan ka niyang magpasya kung mayroong kahalintulad na gamot sa Listahan ng Gamot na maaari mong inumin bilang kapalit o kung hihingi man ng eksepsyon. Pakitingnan ang Tanong 11 para sa higit pang impormasyon hinggil sa mga eksepsyon.

6. Paano mo malalaman kung mayroong mga limitasyon ang gamot na gusto mo o kung mayroong mga kinakailangang gawin upang makuha ang gamot?

Ang Listahan ng Mga Sakop na Gamot sa pahina isa ay mayroong hanay na may tatak na "Mga kinakailangang gawin, restriksyon, o limitasyon sa paggamit."

7. Ano ang mangyayari kapag binago namin ang aming mga patakaran sa kung paano namin sinasakop ang ilan sa mga gamot? Halimbawa, kung magdadagdag kami ng naunang awtorisasyon (pagpapahintulot), mga limitasyon sa dami, at/o mga restriksyon sa step therapy ng isang gamot.

Sasabihin namin sa iyo kung magdadagdag kami ng naunang pagpapahintulot, mga limitasyon sa dami, at/o mga restriksyon sa step therapy ng isang gamot. Sasabihan ka namin sa loob nang hindi bababa sa 60 araw bago idagdag ang restriksyon o kapag humingi ka ng muling pagpuno sa iyong parmasya. Pagkatapos, makakakuha ka na ng 60-araw na tustos ng gamot bago isagawa ang pagbabago sa mga patakaran ng pagkakasakop. Bibigyan ka ng oras nito na makipag-usap sa iyong doktor o sa ibang tagareseta tungkol sa kung ano ang susunod na gagawin.

8. Paano ka makakahanap ng gamot sa Listahan ng Gamot?

Mayroong dalawang paraan upang makahanap ng gamot:

- Maaari kang maghanap nang ayon sa pagkakasunud-sunod ng abakada (kung alam mo kung paanong baybayin ang gamot), ***o***
- Maaari kang maghanap batay sa medikal na kondisyon.

Upang maghanap nang ayon sa pagkakasunud-sunod ng **abakada**, pumunta sa seksyon ng Listahan batay sa pagkakasunud-sunod ng Abakada. Makikita mo ito sa Index simula sa pahina I-1.

Upang maghanap nang **batay sa medikal na kondisyon**, hanapin ang seksyong may tatak na “Listahan ng mga gamot batay sa medikal na kondisyon” sa pahina isa. Ang mga gamot sa seksyong ito ay nakagrupo sa iba't ibang kategorya batay sa kung anong uri ng medikal na kondisyon ang ginagamitan ng mga ito upang gamutin. Halimbawa, kung mayroon kang kondisyon ng puso, dapat kang tumingin sa kategoryang Cardiovascular Agents. Dito mo makikita ang mga gamot na nagbibigay-lunas sa mga kondisyon ng puso.

9. Paano kung wala sa Listahan ng Gamot ang gamot na gusto mong inumin?

Kung hindi mo makita ang iyong gamot sa Listahan ng Gamot, tawagan ang Customer Service sa 1-888-244-4430, TTY/TDD: 1-855-266-4584, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo at magtanong tungkol dito. Libre ang tawag na ito. Kung malalaman mo na hindi sasakupin ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ang gamot, maaari mong gawin ang isa sa mga bagay na ito:

- Humingi sa Customer Service ng listahan ng mga gamot na tulad ng nais mong inumin. At pagkatapos ay ipakita ang listahan sa iyong doktor o iba pang tagareseta. Maaari siyang magreseta ng gamot na nasa Listahan ng Gamot na kahalintulad ng gamot na nais mong inumin. O
- Maaari mong hilingin sa planong pangkalusugan na magsagawa ng eksepsyon upang sakupin ang iyong gamot. Pakitingnan ang tanong 11 para sa higit pang impormasyon hinggil sa mga eksepsyon.

10. Paano kung isa kang bagong miyembro ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan at hindi mo mahanap ang iyong

gamot sa Listahan ng Gamot o nahihirapan kang makuha ang iyong gamot?

Makakatulong kami. Maaari naming sakupin ang pansamantalang 31-araw na suplay ng iyong gamot sa unang 90 araw ng iyong pagiging miyembro ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan. Bibigyan ka ng oras nito na makipag-usap sa iyong doktor o sa ibang tagareseta. Matutulungan ka niyang magpasya kung mayroong kahalintulad na gamot sa Listahan ng Gamot na maaari mong inumin bilang kapalit o kung hihingi man ng eksepsyon.

Sasakupin namin ang 31-araw na supaly ng iyong gamot kung:

- umiinom ka ng gamot na wala sa aming Listahan ng Gamot, ***o***
- hindi ka pinahihintulutan ng mga patakaran ng planong pangkalusugan na makuha ang dami na iniatas ng iyong tagareseta, ***o***
- nangangailangan ng paunang pag-apruba ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ang gamot, ***o***
- umiinom ka ng gamot na bahagi ng isang restriksyon sa step therapy.

Kung naninirahan ka sa isang nursing home o iba pang pangmatagalang pasilidad ng pangangalaga, maaari mong muling punuin ang iyong reseta nang hanggang 93 araw. Maaari mong muling punuin ang gamot nang maraming beses sa panahon ng iyong unang 90 araw sa plano. Binibigyan nito ang iyong tagareseta ng panahon upang baguhin ang iyong mga gamot tungo sa mga nasa Listahan ng Gamot o humiling ng eksepsyon.

Para sa mga hindi planadong transisyon, halimbawa, kapag nakalabas ka mula sa ospital tungo sa isang pangmatagalang pasilidad o tahanan ng pangangalaga, magsasagawa ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ng mga pagtutukoy at muling pagtutukoy ng pagkakasakop sa sandaling hinihingi ito ng iyong kondisyong pangkalusugan. Pagkakalooban ka ng pang-emerhensiyang suplay ng mga gamot na hindi formulary, kabilang ang mga gamot na sumasailalim sa ilang tukoy na resktriksyon o limitasyon tulad ng paunang awtorisasyon, step therapy, o mga limitasyon sa dami.

11. Maaari ka bang humiling ng eksepsyon upang sakupin ang iyong gamot?

Oo. Maaari mong hilingin sa CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan na magsagawa ng eksepsyon upang sakupin ang isang gamot na wala sa Listahan ng Gamot.

Maaari mo ring hilingin sa amin na palitan ang mga patakaran sa iyong gamot.

- Halimbawa, maaaring limitahan ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ang dami ng gamot na sasakupin namin. Kung mayroong limitasyon ang iyong gamot, maaari mong hilingin sa amin na palitan ang limitasyon at magsakop ng higit pa.
- Iba pang mga halimbawa: Maaari mong hilingin sa amin na alisin ang mga restriksyon sa step therapy o mga pangangailangan sa paunang pag-apruba.

12. Gaano katagal bago makakuha ng eksepsyon?

Una, kailangan naming makakuha ng pahayag mula sa iyong tagareseta na sumusuporta sa iyong kahilingan para sa isang
eksepsyon. Matapos naming makuha ang pahayag, bibigyan ka namin ng desisyon sa iyong kahilingang eksepsyon sa loob ng 72 oras.

Kung sa tingin mo o ng iyong tagareseta na maaaring mapinsala ang iyong kalusugan kung maghihintay ka ng 72 oras para sa isang desisyon, maaari kang humiling ng pinabilis na eksepsyon. Ito ay mas mabilis na desisyon. Kung susuportahan ng iyong tagareseta ang iyong kahilingan, bibigyan ka namin ng desisyon sa loob ng 24 na oras mula sa pagkuha sa suportang pahayag ng iyong tagareseta.

13. Paano ka makakahiling ng eksepsyon?

Upang humiling ng eksepsyon, tawagan ang Customer Service. Makikipagtulungan sa iyo at sa iyong tagareseta ang Customer Service upang tulungan kang humiling ng eksepsyon.

14. Ano ang mga gamot na generic?

Ang mga *gamot na generic* ay gawa sa parehong mga sangkap tulad ng mga gamot na may brand name. Ang mga ito ay madalas na mas mura kaysa sa gamot na may brand name at ang kanilang mga pangalan ay hindi ganoon kakilala. Aprubado ng Food and Drug Administration (FDA) ang mga gamot na generic.

Sakop ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ang parehong mga gamot na may brand name at gamot na generic.

15. Ano ang mga gamot na OTC?

Ang *OTC* ay tumatayo para sa “over-the-counter”. Sakop ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ang ilang mga gamot na OTC kapag isinulat sila bilang mga reseta ng iyong tagapagbigay-serbisyo.

Maaari mong basahin ang Listahan ng Gamot ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan upang malaman kung aling mga gamot na OTC ang sakop.

16. Sakop ba ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ang mga produktong OTC na hindi gamot?

Sakop ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ang ilang mga produktong OTC na hindi gamot kapag isinulat sila bilang mga reseta ng iyong tagapagbigay-serbisyo.

Maaari mong basahin ang Listahan ng Gamot ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan upang malaman kung aling mga produktong OTC na hindi gamot ang sakop.

17. Ano ang iyong copay?

Maaari mong basahin ang Listahan ng Gamot ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan upang malaman ang tungkol sa copay para sa bawat gamot.

Hindi magkakaroon ng mga copay ang mga miyembro ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan na naninirahan sa mga nursing home o iba pang mga pangmatagalang pasilidad ng pangangalaga. Hindi rin magkakaroon ng mga copay ang ilang mga miyembro na nakakatanggap ng pangmatagalang pangangalaga sa komunidad.

Ang mga copay ay nakalista batay sa baitang. Ang mga baitang ay mga grupo ng gamot na mayroong parehong copay.

- Ang baitang 1 ay kinabibilangan ng mga gamot na generic. Ito ang pinakamababang baitang ng pagbabahagi ng gastos. Ang copay ay mula sa $0 hanggang $3.30, depende sa iyong kita.
- Ang baitang 2 ay kinabibilangan ng mga gamot na may brand name. Ito ang pinakamataas na baitang ng pagbabahagi ng gastos. Ang copay ay mula sa $0 hanggang $8.25, depende sa iyong kita.
- Ang baitang 3 ay kinabibilangan ng mga gamot na hindi sakop ng Medicare. Ang mga gamot na ito ay karaniwang hindi sakop ng Medicare ngunit sakop ng Medi-Cal. Mayroon silang copay na $0.
- Ang baitang 4 ay kinabibilangan ng mga gamot na over-the-counter na hindi sakop ng Medicare. Ang mga gamot na ito ay karaniwang hindi sakop ng Medicare ngunit sakop ng Medi-Cal. Walang pagbabahagi ng gastos para sa mga gamot na nasa baitang na ito.

Listahan ng Mga Sakop na Gamot

Ang listahan ng mga sakop na gamot na nagsisimula sa pahina sa pahina isa ay magbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa mga gamot na sakop ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan. Kung nahihirapan kang hanapin ang iyong gamot sa listahan, pumunta sa Index na magsisimula sa pahina I-1.

Nakalista sa unang hanay sa tsart ang pangalan ng gamot. Nakasulat sa malaking titik ang mga gamot na may brand name (tulad ng LANTUS) at nakasulat naman sa maliliit na italics ang mga gamot na generic (tulad ng metformin).

Ang impormasyon sa hanay ng "Mga kinakailangang gawin, restriksyon, o limitasyon sa paggamit" ay magsasabi sa iyo kung mayroong anumang patakaran ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa pagsakop sa iyong gamot.

Paalala: Ang * na kasunod ng gamot ay nangangahulugang hindi isang "gamot na Bahagi D" ang gamot. Hindi ka aatasang magbayad ng copay para sa mga gamot na ito. Mayroon ding ibang mga patakaran ang mga gamot na ito para sa mga apila. Ang isang *apila* ay isang pormal na paraan ng paghiling sa amin na suriin ang isang desisyong ginawa namin tungkol sa iyong pagkakasakop at baguhin iyon kung tingin mo ay nagkamali kami. Halimbawa, maaaring pagpasyahan namin na ang isang gamot na gusto mo ay hindi sakop o hindi na sakop ng Medicare o Medi-Cal. Kung tututol ang iyong doktor sa aming desisyon, maaari kang mag-apila. Kung mayroon kang katanungan, tawagan ang Customer Service sa 1-888-244-4430, TTY/TDD: 1-855-266-4584, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag na ito. Maaari mo ring basahin ang Handbook ng Kasapi upang malaman kung paanong iapila ang isang desisyon.

Maaaring makita ang mga sumusunod na pagpapaiksi sa Pamamahala ng Paggamit sa loob ng katawan ng dokumentong ito

Mga Restriksyon sa Pamamahala ng Paggamit

PAGPAPAIKSI	PAGLALARAWAN	PALIWANAG
PA	Restriksyon sa Paunang Awtorisasyon	Ikaw (o ang iyong doktor) ay inaatasang kumuha ng paunang awtorisasyon mula sa CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan bago mo punuan ang iyong reseta para sa gamot na ito. Kapag walang paunang awtorisasyon, maaaring hindi sakupin ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ang gamot na ito.
PA BvD	Restriksyon sa Paunang Awtorisasyon para sa Bahagi B laban sa Pagpapasya sa Bahagi D	Ang gamot na ito ay maaaring maging kwalipikado para sa pagbabayad sa ilalim ng Bahagi B o Bahagi D ng Medicare. Ikaw (o ang iyong doktor) ay inaatasang kumuha ng paunang awtorisasyon mula sa CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan upang tukuyin kung ang gamot na ito ay sakop sa ilalim ng Bahagi B o Bahagi D ng Medicare bago mo punuan ang iyong reseta. Kapag walang paunang awtorisasyon, maaaring hindi sakupin ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ang gamot na ito.
PA-HRM	Restriksyon sa Paunang Awtorisasyon para sa Mga Gamot na May Malaking Panganib	Ang gamot na ito ay pinaniniwalaan ng CMS na potensyal na nakakapinsala at sa gayon ay isang Gamot na May Malaking Panganib para sa mga benepisyaryo ng Medicare na may edad 65 taong gulang o higit pa. Ang mga miyembrong may edad 65 taong gulang o higit pa ay inaatasang kumuha ng paunang

		awtorisasyon mula sa CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan bago punuan ang reseta para sa gamot na ito. Kapag walang paunang awtorisasyon, maaaring hindi sakupin ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ang gamot na ito.
PA NSO	Restriksyon sa Paunang Awtorisasyon para sa Mga Bagong Simula Lamang	Kung ikaw ay isang bagong miyembro, ikaw (o ang iyong doktor) ay inaatasang kumuha ng paunang awtorisasyon mula sa CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan bago mo punuan ang iyong reseta para sa gamot na ito. Kapag walang paunang awtorisasyon, maaaring hindi sakupin ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ang gamot na ito.

PAGPAPAIKSI	PAGLALARAWAN	PALIWANAG
QL	Restriksyon sa Limitasyon sa Dami	Nililimitahan ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ang dami ng gamot na ito na sinasakop kada reseta, o sa loob ng isang partikular na panahon.
ST	Restriksyon sa Step Therapy	Bago magbigay ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ng pagsakop para sa gamot na ito, kailangan mo munang sumubok ng ibang (mga) gamot upang gamutin ang iyong kondisyong medikal. Sasakupin lang ang gamot na ito kung ang ibang (mga) gamot ay hindi gumana para sa iyo.

Maaaring makita ang mga sumusunod na karagdagang pagkakasakop
sa loob ng katawan ng dokumentong ito

IBA PANG MGA ESPESYAL NA KINAKAILANGAN PARA SA PAGKAKASAKOP

PAGPAPAIKSI	PAGLALARAWAN	PALIWANAG
*	Hindi isang gamot na Bahagi D	Ang gamot na ito ay hindi gamot na Bahagi D na sakop ng Medi-Cal
LA	Gamot na May Limitadong Akses	Ang gamot na ito ay maaari lang makuha sa ilang tukoy na parmasya. Para sa higit pang impormasyon, sumangguni sa iyong Sanggunian ng Parmasya o tawagan ang Customer Service.
NM	Gamot na Hindi Maaaring I-Order sa Koreo	Maaari kang tumanggap ng higit sa 1-buwang suplay ng karamihan sa mga gamot na nasa Listahan ng Gamot sa pamamagitan ng pag-oorder sa koreo sa mas mababang halaga. Ang mga gamot na hindi maaaring orderin sa pamamagitan ng koreo ay nilagyan ng “NM” sa mga Kinakailangang Gawin, Restriksyon, o Limitasyon sa hanay ng Paggamit ng Listahan ng Gamot
NDS	Non-Extended na Araw ng Suplay	Ang gamot na ito ay hindi kwalipikado para sa higit sa 1-buwang suplay kada pagpuno.

Listahan ng Mga Gamot batay sa Medikal na Kondisyon

Ang mga gamot sa seksyong ito ay nakagrupo sa iba't ibang kategorya batay sa kung anong uri ng medikal na kondisyon ang ginagamitan ng mga ito upang gamutin. Halimbawa, kung mayroon kang kondisyon ng puso, dapat kang tumingin sa kategoryang Cardiovascular Agents. Dito mo makikita ang mga gamot na nagbibigay-lunas sa mga kondisyon ng puso.

Ang formulary na ito ay isinapanahon noong 10/24/17. Para sa iyong kamakailang impormasyon o iba pang mga tanong, pakikontak ang Customer Service sa 1-888-244-4430, TTY/TDD: 1-855-266-4584, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag na ito. O bisitahin ang www.chgsd.com.